Sumayaw Ka

Gloc-9

na na na na na na na na
na na na na na na na naWag kang matakot sumayaw
Katawan ay igalaw
Sige sumayaw ka
Kahit na sunod-sunod pang kamalasan ang abutin mo
Wag kang mag-alala limutin ang problema
Wag kang matakot sumayaw
Katawan ay igalaw
Sige sumayaw ka
Gumiling ka lang o gumalaw sa awitin kong ito
Hayaan mo sige sayaw sumigaw ka
Wag kang matakot sumayaw
Wag na wag kang bibitaw
Sadyang ganyan lang ang buhay
Magkumot kung maginaw
Wag kang matakot sumayaw
Katawan ay igalaw
Sige sumayaw ka
Kahit na sunod-sunod pang kamalasan ang abutin
Ganito lamang kasi yan mic check one twoListen up eto nang pinakabaliw pag dating sa rap
Meron akong sasabihin teka wag kukurap
Alam kong maraming daing na di mo matanggap
Pero bago ka tumalon makinig ka kay Gloc
Pag gising mo sa umaga harap sa salamin
Alam mo siguro kung bakit napapailing
Babaeng niligawan mo na di ka sinagot
Kasi kahit nakangiti mukha kang simangot
Tinangal ka sa trabaho kasi palaging late
Buong buhay mo wala ka pang babaeng nai-date
Pinutulan ka ng
ilaw kahit na isa lang
Ang gamit mo sa bahay di uling pa na kalan
Maluwang na mga medyas na may tapal o dikit
Pero masikip ang mga pantalon pati damit
Di mabayaran utang mo sa tindahan
Pero ganon pa man ok lang yan[Repeat Chorus]Sweldo mo pero naholdap ka
Tinapon mo ticket mo kaso nabunot ka
Marunong kang lumangoy pero nalunod ka
Tumakbo nadapa na pagulong-gulong pa

Naipit ang kamay sa electric fan
Siga pero laging napapagtripan
Pinaliwanag di mo naintindihan
Brownout may kandila di masindihan
Di matext di matawagan ang cellphone mo
Pinapawisan kapag bukas ang aircon mo
Pag tinatanong lagi sagot ay ewan ko
Lagi kang binabatukan ng erpat mo
Di mo na malaman ang iyong gagawin
Bahay na tinitigalay gigibain
Wala ka nang alam na ibang paraan
Pero ganon pa man ok lang yan[Repeat Chorus]Yeah say what now
Yeah check it out now
Yeah yo
Yeah haha
Whoo
Bago ko tapusin ang tulang ito 2x
May sasabihin lang ako
May sasabihin lang po
Haha game
Cmon everybody sa akin ay sumabay
Sama-sama sumayaw taas ang mga kamay
Kung maraming iniisip ulo umiinit
Ganyan lamang talaga wag ka nang mabadtrip.

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/